# Kuwento ni Jackson

Lumaki si Jackson sa isang pamilya ng matatapat na miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Mayroon siyang mapagmahal na mga magulang at malapit lalo na sa kanyang kapatid na si Selena.

Mahal ni Jackson ang ebanghelyo at may patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Pagpapanumbalik. Kilala siya sa pagiging masayahin at aktibo. Gayunman, kamakailan, ang kanyang pagkamasayahin ay napalitan ng kalungkutan, at lalo pa niyang inilayo ang kanyang sarili sa iba. Si Jackson ay may lihim at hindi alam kung ano ang gagawin tungkol dito.

Basta't ang alam niya, mas naaakit siya sa mga lalaki kaysa sa mga babae. Sa loob ng maraming taon sinikap niyang balewalain ang mga damdaming ito o nagkunwaring hindi niya nararamdaman ang mga ito. Dahil ang paksang ito ay hindi kailanman pinag-usapan sa kanyang tahanan, nadama niya na ito ay isang ipinagbabawal na paksa. Kung minsan nagsasalita ng mapanlait na mga salita ang kanyang mga kaibigan tungkol sa mga bakla. Ang tanging naaalala niyang narinig niya mula sa mga titser at lider sa simbahan ay mabigat na kasalanan ang homoseksuwalidad.

Bago ang kanyang misyon paulit-ulit na nagsumamo si Jackson sa Diyos na alisin ang kanyang pagkaakit sa mga lalaki. Tiwala siya na kung magmimisyon siya, magbabago ang kanyang damdamin. Gayunman, mula nang matapos ni Jackson ang kanyang misyon, naaakit pa rin siya sa mga lalaki. Gustung-gustong makipag-usap ni Jackson sa isang tao, ngunit hindi niya ito magawa dahil natatakot siya.

Napansin ni Selena ang paglayo ng kanyang damdamin sa kanilang pamilya. Nakikita niya sa mga mata nito ang sakit na nadarama nito. Nagdarasal siya para kay Jackson at para malaman kung paano ito tutulungan.

Ngayong umaga tinanong ni Selena si Jackson kung puwede silang maglakad-lakad sa labas. Atubili siyang pumayag. Habang naglalakad sila, pinag-usapan nila ang mga nangyayari sa araw-araw. Napangiti pa nga ni Selena si Jackson. Sa huli, sinabi ni Selena, "Jackson, alam kong may problema ka. Nakikita ko sa mga mata mo. Sabihin mo naman sa akin. Nag-aalala ako sa iyo."

Matagal na hindi tuminag sa pagkakatayo si Jackson. Nagsimulang dumaloy ang mga luha sa kanyang pisngi. Sa huli, nailabas niya ang kanyang itinatagong matinding damdamin, at sa tinig na garalgal, sinabi niya, "Selena, bakla ako at matagal ko nang alam ito. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Natatakot ako sa sasabihin nina Inay at Itay kung malalaman nila. Ikakahiya ba ako ng iba pa nating kamag-anak? Gusto pa rin kaya ng mga kaibigan ko na kasama ako kapag nalaman nila na bakla ako? Ano ang mangyayari sa pagiging miyembro ko sa Simbahan kung sasabihin ko ito sa bishop? Hindi ko nakikita kung paano ako magiging masaya at magkakaroon ng pamilya. Pakiramdam ko ay pinabayaan na ako ng Diyos."

Iniyukod ni Jackson ang kanyang ulo at tumitig sa lupa. Matapos ang mahabang katahimikan, mahina niyang sinabi, "Selena, pasensya ka na binigo kita. Pakiusap huwag mong sabihin kaninuman. Litung-lito na ako at di alam ang gagawin."

### Mga Tanong sa Talakayan

1. Ano ang nadama mo habang iniisip mo ang karanasan ni Jackson? Bakit maaaring mahirap pag-usapan ang nadaramang pagkaakit sa kaparehong kasarian sa isang kapamilya, malapit na kaibigan, o lider ng Simbahan?
2. Ano kaya ang mararamdaman mo kung ikaw si Selena? Ano ang magagawa ni Selena para makatugon nang may pang-unawa at pagkahabag?
3. Paano makatutulong kina Selena at Jackson ang tamang pagkaunawa sa mga turo ng Panginoon tungkol sa pagkaakit sa kaparehong kasarian? Bakit kaya mahirap minsan na tanggapin ang mga turong ito?
4. Paano uunawain nina Jackson at Selena ang pagkaakit sa kaparehong kasarian nang may walang-hanggang pananaw?
5. Saan maaaring bumaling si Jackson para makatanggap ng karagdagang patnubay, panghihikayat, at tulong?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.